

# 1

Paalis na si Charlize nang tumunog ang telepono sa side table niya. Direct line iyon. Ang boss lang niya na presidente ng kanilang kompanya at ang malalapit na kaibigan nito ang gumagamit ng number na iyon. Napatingin siya sa relo; past six na.

“*Modern Publishing*, good evening,” aniya sa receiver.

“Charlize, this is John,” sagot ng boss niya, si John Perry. Isa itong Amerikano.

“Yes, Sir?”

“Is Rachel Davis still there?”

Bukas ang kanyang pinto. Tinanaw niya ang advertising department. Naroon pa ang empleyadang tinutukoy nito.

“She is,” sagot niya, hindi nagtanong kung bakit. May kausap din ang babae sa telepono. Maghaponng wala ang boss niya. Karaniwan, dalawang oras lang ito nagtatagal sa opisina.

“Good. Do you remember Mr. Hino?” tanong nito.

“Yes, Sir,” sagot niya, naalala ang matandang Hapon na madalas nagkakape sa opisina ni John.

“He gave me several tickets to this Japanese concert and some of my friends and colleagues could not attend. I wonder if you could come with Mrs. Davis?” tanong nito.

She groaned inwardly. Dapat ay matuwa siya, pero ayaw niyang pumunta. Mas natuwa pa siguro siya kung may ipinagawa itong trabaho.

Tama, magdadahilan na lamang siya. “Sir, I—”

“Go with Mrs. Davis, take a taxi to *Mandarin Hotel*. The concert will be held there. Let Mrs. Davis take care of the fare. Oh, don’t bother. I’ll inform her of the arrangements. I’ll call her on her cellphone.” Tinapos na nito ang tawag. Hindi man lang siya binigyan ng pagkakataon na tumanggi.

Sabado ngayon pero nine to six pa rin ang schedule nila. That was lucky dahil ang mga reporters nila, laging on call. Nagpa-publish sila ng diyaryo at ng magazine. Distributor din sila ng isang international newspaper.

Napatingin siya sa kanyang suot—light blue embroidered top na pinatungan ng black zip-up jacket. Katerno niyon ang isang black miniskirt na

may silver hoop belt. Sinilip niya ang sarili sa salamin na nasa ibabaw ng kanyang mesa. There was little time to freshen up and retouch her makeup. Mabuti na lang na walang gusot ang malambot at mahaba niyang buhok. Pupuntahan na niya si Rachel.

Nasa late twenties nito ang babae, divorced at may isang anak na nasa pre-school. Katulad ng ibang foreign employees, nagtrabaho lang ito sa kanila dahil sa pakiusap ng kanyang boss. Bihira sa mga ito ang nagtatagal. Si John Perry ay nakapag-asawa ng Filipina at may sampung taon nang naninirahan sa Pilipinas.

Ka-re-regular lang niya bilang empleyado ng *Modern Publishing International*. Hindi niya inaasahan na mapo-promote siya kaagad bilang secretary to the president.

Twenty-one na siya nang mag-graduate sa college. Dalawang taon siyang nagtrabaho bilang technical assistant ng isang dean sa isang kilalang university. She needed a challenge, sabi niya sa sarili, kaya siya nag-resign. Pero tila wala ring nagbago.

---

Inilibot ni Charlize ng tingin ang rectangular table na kinaroroonan nila. Nakaupo sa tapat niya

ang kanyang boss. Katabi nito sa kanan ang isa pang Amerikano, si Arthur Cole, isa sa mga best friends nito. Pumuwesto si Rachel sa kaliwa ni John. Nag-iisa siya sa tapat ng mga ito nang maupo sa tabi niya ang isang babae na nasa early forties nito, sa tingin niya.

“Charlize, beside you is Miss Felice Santos,” ani John.

Nginitian niya ang babae. “Good evening, Ma’am,” bati niya.

“And who are you, my dear?” tanong ng bagong dating.

“Secretary po ako ni Mr. Perry,” sagot niya. Pakiramdam niya ay gusto niya ang babae dahil down-to-earth ang dating nito sa kanya.

“Then you must be really good in your job.” Ngumiti ito.

“Thank you po.”

“Do you know her, Charlize?” tanong ni John. Umiling siya. “She’s one of the members of our board of directors. So be careful what you say to her, okay?” he jokingly said.

Nagkatawanan ang mga nasa mesa.

“Anong oras daw ba mag-uumpisa ang concert?” tanong ni Felice. Nakasuot ito ng salamin at hanggang balikat ang buhok.

“Eight pa raw, Ma’am,” sagot niya.

Dahil Japanese concert iyon at karamihan sa mga guests ay Japanese, Japanese food din ang handa.

“Gusto mo na bang kumain? Kumuha na tayo,” suhestyon ni Miss Santos.

Tumango siya at tumayo kasabay nito. Tinanong nila si Rachel kung sasabay ito at sumama na rin ito sa kanila. Kanina pang nakapag-umpisang kumain ang boss niya at ang mga kaibigan nitong naroon. Pinakakaunti ang kinuha niyang pagkain; salad, fruits at ilang maki sa isang plato at ilang piraso ng pastries.

*Anong oras kaya matatapos ang concert na ito?* naisip niya.

Waiter ang nag-se-serve ng inumin. Water at white wine lang ang available.

Napatingin siya sa isang banda na kumakanta sa stage habang naghahanda pa ang Japanese artists na sadyang mag-pe-perform. Magaling ang banda, naisip niya.

Noon dumating sa table nila ang isang matangkad

na lalaki. Napatingala si Charlize rito. Si Aidan Sanvictores! Ito ang bagong head ng foreign news bureau ng TV channel na umookupa sa fifth floor ng building ng opisina nila. Alam niya dahil kinuhanan ito ng kaopisinang si Kris ng video nang makasabay ito ng dalaga sa elevator noong isang araw. Duda niya ay alam ng lalaki ang tungkol doon.

“Hi, John, Arthur,” bati nito sa dalawang lalaking kaharap bago naupo. Binati rin nito si Felice at nagtaas ng isang kamay sa direksyon ni Rachel.

Pinilit niyang ibaling ang atensyon sa mesa, inabot ang baso ng white wine at uminom nang kaunti.

“Hi, Aidan. I didn’t think you’d make it,” ani Rachel. “If I’d known, I’d have waited for you.” Napasimangot ang babae.

*At ako?* parang gusto niyang itanong. Not that hindi niya kayang magpunta mag-isa, pero hindi siya pupunta mag-isa.

Sa halip na sumagot ay nilingon siya ni Aidan. Naramdaman niya ang mga mata nito sa kanya.

“Have we met?” tanong nito.

Alam niyang siya ang tinutukoy nito. Sinikap

niyang payapain ang pagtambol ng kanyang dibdib. Bumaling siya rito. *Heavens, ang guwapo pala talaga niya sa personal!*

At alam iyon ng lalaki. Naramdaman niya kung paano siya titigan nito. At alam niyang nagustuhan din nito ang nakita. Hindi siya nasorpresa. Hindi bago sa kanya ang ganoong reaksiyon ng mga lalaki sa kanyang mukha... at katawan.

Matagal na iyon. At isang mapait na aral ang iniwan niyon sa kanya kaya mula noon ay naging napakaingat na niya. Pero bakit isang tingin lang mula sa Aidan na ito ay parang handa siyang kalimutan ang lahat ng pag-iingat na itinatag niya?

“No, we haven’t. I’m Charlize Escaflor.”

Inilahad nito ang kamay. “I’m Aidan Sanvictores. Are you covering this event?”

Napakunot ang noo niya, pagkatapos ay umiling. “Oh, no. I’m not a reporter.”

“I see.” Napatango-tango ito. “So nandito ka dahil...?”

“Inimbita ako ng boss ko.” *So! May Filipino blood pala ang isang ito, naisip niya. At mahusay mag-Tagalog. Parang ang ganda kasing sobra ng kutis,*

inisip niyang iba ang lahi.

“Your boss being...?” he asked.

Nilingon niya si John at nakuha kaagad iyon ng kausap.

“Okay. Ano ang trabaho mo?”

“Secretary sa ngayon.”

“What do you mean sa ngayon? May plano kang magpalit ng trabaho?” urirat ng binata.

“Not immediately, pero who knows?”

“Gusto mo bang lumipat sa TV station?” alok nito. “After all, nasa media rin ang linya mo.”

“Puwede siguro. Depende.” Nagkibit-balikat siya.

“Depende saan? Sa prestige o sa pera?”

Napatingin siya rito. Why was he asking such questions?

The lights were dimmed a minute before the concert started. It lasted for an hour. Nagulat siya nang biglang bumulong si Aidan sa kanang tainga niya nang manumbalik ang mga ilaw.

“May sasakyan ka ba ngayon?”



“Mag-ta-taxi ako pauwi,” sagot niya.

“Ihahatid kita.” Parang utos iyon na inaasahan nitong susundin niya nang walang tanong.

Napapahiyang tumango siya. Why was she feeling this way? Hindi na siya teenager. Sinabi niya ang kanyang address.

Twenty-four na siya at higit ang dinanas niya kumpara sa mga babaeng kasing-edad niya. Maaga siyang bumukod ng tirahan. Mag-isa siyang namumuhay simula pa nang eighteen years old siya. Alam na niya kung paano aalagaan ang sarili niya, kung paano tatakas sa mga sticky situations, sabi nga. Kabilang sa mga sitwasyong iyon ang lalaki. Kayang-kaya niyang tanggihan ang isang ito... kung gusto niya.

She had heard a little about Aidan Sanvictores. Ang alam niya ay nag-umpisa ito bilang foreign reporter, naging dokumentarista at producer, at ngayong bumalik na sa Australia ang dating head ng foreign news bureau ng *IntellectTV, Inc.* ay ito ang pumalit. Ilan sa mga documentaries nito ay napanood niya. Hanga siya sa katalinuhan nito, iyon lang ang alam niya. She never dreamed na magkikita sila nang ganito, more so, na ihahatid siya nito isang beses sa buhay niya. Oh, she had heard of his affairs, too, pero

ibang usapan na iyon.

“Dito ka ba nakatira?” pukaw nito sa paglalayag ng isip niya.

Tumingin si Charlize sa labas ng bintana ng sasakyan. It was her house, all right. Ipinarada nito ang kotse sa harap ng gate.

“Oo,” sagot niya. Ayaw niya pang matapos ang gabi. Parang hindi siya makakatulog sa excitement na nadarama. “Gusto mo bang magkape?” bantulot na tanong niya.

Noon siya nilingon nito. Ginawaran siya nito ng isang magandang ngiti. He was so handsome.

“Bakit hindi?” walang anumang tugon nito.

Nakatayo siya malapit sa microwave oven at nakapuwesto naman ito sa isa sa mga upuan sa kitchen table. Nakalimutan niya ang sasabihin nang makita itong tumayo, lumakad palapit sa kanya. Hindi siya nakagalaw. Nang isang piye na lang ang layo nila sa isa’t isa, tumigil ito sa paghakbang, inilahad ang isang kamay sa kanya. Tiningnan niya ang mga daliri nito, pagkatapos ay ang mukha nito. Napansin niya ang kislap sa mga mata ng binata. Alam niya ang ibig sabihin niyon. Dapat siyang mag-ingat. Delikado ang lalaking ito. Wala sa loob na binasa niya ang pang-

ibabang labi.

Dumadagundong ang puso niya sa kanyang tainga. Nakangiting inabot niya ang kamay nito at hinayaan itong idikit siya sa matipuno nitong katawan.

Buong-buo ang ginawa nitong pag-angkin sa kanyang mga labi, para bang itinatatak sa kanya ang pagkatao nito. At ganoon din ang ginawa niyang pagtanggap. Isinuko niya ang sarili sa pagkaakit na nadarama rito kanina pa. Humigpit ang mga kamay nito na humuhulma sa katawan niya, idinidiin siya palapit sa katawan nito.

Pakiramdam niya ay natutupok siya sa apoy na ginagawa nito. Hinalikan nito ang kanyang leeg. Nararamdaman niya ang pangangailangan nito batay sa init ng mga labi nito sa kanyang balat. Bigla siyang natakot sa sensasyong binubuhay niya sa kayakap.

Nang maglandas ang kamay nito mula sa kanyang baywang patungo sa kanyang dibdib, naitulak niya ito palayo.

“No.” Umiling siya para idiin iyon. Humakbang din siya palayo rito.

Wala siyang mabasa sa ekspresyon nito. “Hindi mo kailangang magpakipot para lalo akong maakit,

Charlize.”

Itatama sana niya ang akala nito, pero minabuting manahimik na lamang para matapos ang usapan. After all, ito na siguro ang huling gabi na magkikita sila.

“Pasensya na. I don’t go in for one-night stands.”

Batay sa narinig niya ay mga sopistikadang babae ang tipo ni Aidan.

Tiningnan siya nito na tila nais makasiguro na totoo ang kanyang sinabi. Umiling siya bilang tugon na ayaw niyang ituloy nila ang nasimulan.

“Kung gayon, magpapaalam na ako.” Ngumiti ito nang pauyam. He held out his hand.

Inabot niyang muli ang kamay nito. Nalaman niya kaagad na isang pagkakamali iyon nang hatakin siya ng lalaki, yakapin nang mahigpit pasalya sa katawan nito. Inilagay nito ang isang kamay sa kanyang likod, ipinapahiwatig maigi kung ano ang gusto nito sa kanya.

Pakiramdam ni Charlize ay nainsulto siya. Nang tumingin siya sa mukha ng binata ay naniningkit ang mga mata nito. Seryoso rin ang boses nito nang magsalita.

*The Unwilling Bride - Lirio Vergel*

---

“Hindi ako nakikipaglaro.”

Gusto na niyang magpadala sa pang-aakit nito. Pero bigla siyang pinakawalan nito. He turned on his heel and left her. Hindi na siya nag-abalang ihatid ito sa pinto.

## 2

Linggo. Buti na lang at nakatulog siya nang nakaraang gabi, naisip ni Charlize. Kakalimutan na niya ang Aidan na iyon. He was out of her league, anyway. Naisip niyang manood ng TV. Nang magsawa ay ini-off na niya iyon. Wala roon ang isip niya. Alam niya kung sino ang umookupa niyon.

*Sexual attraction lang iyan, aniya sa sarili.*

Isang tingin lang at alam na niya na may nararamdaman siya para kay Aidan. Pero hindi siya available para sa isang affair. Kapag tinawagan siya nito, alam na niya ang gagawin. Pero nang tumawag ito nang sumunod na linggo, hindi niya napigilan ang paglukso ng puso niya.

“Naimbita ako sa isang party,” saad nito. “Naisip kong baka gusto mong sumama.”

“Saan ba iyan?”

Binanggit nito ang pangalan ng isang dating politiko. “Puwede ka ba?”

Kinailangan niyang itago ang pananabik sa kanyang tinig. “Y-yes. Yes, I am. Gaano kaya karami

ang pupunta?”

“It’s just his family and a few friends. Bakit? Hindi ka ba komportable sa maraming tao?”

“Parang ganoon. Napilitan lang akong sumama noong concert.”

“Aren’t you happy that you came?” tanong nito.

“I...”

“Listen, I’ll be there in an hour. Ayokong pinaghihintay.” Nawala na ito sa linya.

Napatitig siya sa handset. *Yabang!*

Siniyasat ng dalaga ang sarili. Matagal na simula nang makaramdam siya ng ganitong kasiyahan. Para siyang natatakot na hindi mawari. Ayaw niyang ipaalala sa sarili na nakapagdesisyon na siya na hindi na makikipagkita sa binata. Party iyon, may ibang tao. Ano ang maaaring mangyari sa kanila kung maraming tao sa paligid nila? Ligtas siya rito.

Naramdaman niya ang pag-iinit ng kanyang pisngi nang pumarada ang kotse nito sa harap ng kanyang gate. Lumabas siya at sinalubong ito. Parang nabibingi siya sa pintig ng kanyang puso. Nang sandaling iyon, inamin niya sa sarili na hindi niya kayang tanggihan ang pang-akit nito.

Tinanong niya ito kung saan sila pupunta. He mentioned an exclusive subdivision.

Narating nila ang mansion ng mga Gonzalbo. Maluwang ang garden ng mga ito at may swimming pool sa likod-bahay. It was a dinner party.

Sinalubong sila ng host, ang asawa ni Dr. Gonzalbo. Nakilala siya nito.

“Why, Charlize, Hija, I’m glad you’re here. Hindi ko ito inaasahan,” ani Vivian Gonzalbo. “Hello, Mr. Sanvictores.”

“Aidan, please,” anang binata.

“Ipapakilala ko kayo sa ibang bisita,” anang ginang.

Inilibot ni Charlize ang kanyang paningin sa maluwang na hardin. Nag-igtingan ang kanyang mga bagang nang makilala ang isa sa mga panauhin. Naikuyom niya ang mga kamay nang ito mismo ang lumapit sa kanila.

“Ah, good thing you’re here. Charlize, Aidan, this is Mr. David Fajardo. David, this beautiful lady here is Liz and meet her equally gorgeous escort, Aidan Sanvictores.”

“Magkakilala na kami ni Charlize,” seryosong



pahayag ng lalaki. Nasa early thirties ito. Nakipagkamay ito kay Aidan. “Pleased to meet you,” sabi nito, walang ekspresyon sa guwapo nitong mukha.

Hinintay niyang linawin ni David ang sinabi na magkakilala na sila, pero nanatiling blangko ang mukha nito. Nakahinga siya nang maluwag. Tiningnan niya si Aidan, nakangiti ito, pero ano ba ang alam niya sa iniisip ng binata? Tinawag ni David ang babaeng kasama nito nang gabing iyon at ipinakilala sa kanila.

Mayamaya pa ay itinuro sila ni Vivian sa kanilang mesa. Mabuti na lang at magkalayo ang mesa nila ni David. Sandaling pinanood ni Charlize ang banda na nagpe-perform. Mahilig siyang kumanta. Noong high school ay vocalist siya ng isang banda na binuo nilang magkakabarkada. Karamihan sa mga barkada niya ay lalaki. Her enjoyment must be showing on her face, pero nang mapaligon siya kay Aidan ay naniningkit ang mga mata nito. Madilim ang anyo ng mukha nito. Pero kaagad ding nawala iyon nang lumarawan ang pagtataka marahil sa mukha niya. He gave her his most dazzling smile.

*Baka nagkamali lang ako...*

Pero hindi na siya napalagay pagkatapos niyon. Ang saya-saya pa naman niya kanina. Sinira ni David

ang gabi. Paano ba niya makakalimutan ang lalaking iyon? Isa itong tao na gumawa sa kanya ng sobrang kasamaan.

Hanggang ngayon ay naaalala pa rin niya kung paano siya inalok ng lalaki ng pera para huwag pakasalan ang pinsan nito. Nang matuloy ang kasal, lahat ng puwedeng bilhin ng yaman ay inialok naman nito para iwan niya si Neil. Nanginginig pa rin siya sa galit kapag naiisip niya ito. At ngayon nga ay narito pa ang lalaki. Ibinabalik nito ang kanyang pagkapahiya, ang pagkawala ng kanyang dangal—lahat halos ng mapapait na nangyari sa kanya. Pero nakalipas na iyon. Tuwing nagbabalik ang nakaraan, naiisip niya ang kamalian ng kanyang naging desisyon.

Hindi siya dapat nagpakasal kay Neil. Dapat noong una pa ay kinuha na niya ang perang inialok ni David at lumayo. Wala rin namang naging katuturan ang pagmamatigas niya. Nang humantong sa sandali na parang wala nang dahilan para ipagpatuloy pa ang relasyon nila ng dati niyang asawa, tinanggap niya rin ang offer ni David.

Nakipaghiwalay siya kay Neil. Pero nangyari iyon sa panahon na walang-wala siya, na mas kaya niyang tanggapin ang tulong galing sa pamilya nito kaysa sa mga kamag-anak niya. Ayaw na niyang

bumalik sa mga taong nagpalaki sa kanya dahil sa kahihyan. Napilitan siyang tanggapin ang bahay na tinitirhan niya ngayon at ang sustento hanggang sa makapagtapos siya ng pag-aaral at makahanap ng disenteng trabaho.

Nakatingin pa rin si Aidan sa kanyang mukha. Nginitian niya ito. “Napakaganda mo,” anang binata. “Gusto kitang ipinta. I was very good at charcoal painting when I was young.”

Hindi niya alam kung totoong may sarkasmo sa tinig nito o na-imagine lang niya iyon. Parang nakakainsulto ang paghagod ng mga mata nito sa kanya.

“You are still young,” aniya.

“Being young or old is perhaps relative. Nakalimutan mong magpasalamat. I’ve just given you a compliment. O hindi ba iyon ugali ng mga liberated na babaeng kagaya mo?”

Bumaling siya rito. *Liberated?* The kind who would hop into bed with anyone available? Ano nga ba ang pakahulugan ng mga Pinoy sa salitang iyon? Iyon ba ang palagay nito sa kanya?

*Sino ka para husgahan ako?* gusto niyang itanong. “Ayaw mo sa mga kagaya ko?” sa halip ay

isinatinig niya.

“Hindi masyado. Kaya mo bang ipagpalit ang career mo sa pamilya? Kaya mo bang unahin ang asawa mo?”

Napakunot ang kanyang noo. Bakit siya tinatanong ni Aidan tungkol doon? “Hindi ko sigurado,” tapat niyang sagot. *Depende, kung ikaw ang mag-aalok ng pamilya...*

“What about children?” patuloy nito.

Sa puntong iyon ay iniwas niya ang tingin, hindi napigilan ang pag-iinit ng sulok ng kanyang mga mata.

“Puwedeng ibahin na lang natin ang usapan?”

“So wala kang panahon para sa mga bata,” konklusyon nito.

“Shut up.” Mahina iyon pero alam niyang narinig nito. Nanginginig ang kanyang mga kamay. Biglang nanlamig ang buo niyang katawan. Pinigil niya ang mapaiyak.

Batid ni Charlize na darating sa punto na mabubuksan ang ganitong usapan. Pinili niyang magpakahinahon at sinubukang magpaliwanag. “Sabihin na nating career-oriented ako. I want it all.

Maraming mga babae ang hindi kailangang maging full-time mothers. May trabaho sila, bukod pa sa pagiging ina at asawa.”

“You remind me of my mother. Sapat ang kinikita ni Papa para buhayin kami nang maalwan, pero kailangan niya ng sariling *mapaglilibangan*. Her own business, she said. Nothing would ever be enough for the likes of you,” saad nito na may pait sa tinig.

She turned to him. Parang hindi niya lubos-maisip na ang confident na lalaki sa kanyang tabi ay lumaki na salat sa pagmamahal ng isang ina.

“Patawarin mo ako kung nagkakamali ako, but I think you demanded too much of your mother,” komento niya.

“Umaalis siya bago ako magising. Pagod na siya pag-uwi.”

“Pero sigurado ako na nagkikita kayo paminsan-minsan.”

“Exactly, paminsan-minsan. At hindi sapat iyon. But maybe you are also right. Perhaps I asked too much of her,” sang-ayon nito.

“It’s expected. Alam mo na, culturally, socially. Pamilyar ang marami sa expression na maternal

instinct. But paternal instinct is something that is yet to be established. Huwag mong sisihin ang sarili mo.”

“Wala akong balak gawin iyon,” mayabang nitong sagot. “Hindi ko hinuhusgahan ang lahat base sa mama ko. Pakiramdam ko kasi, napilitan lang siyang mag-anak. You know, with her biological clock ticking and all. At ako ang nagdusa. I don’t want my children to suffer the same fate.”

Nakita marahil nito ang simpatya na tumawid sa kanyang mga mata at may panunuya sa tinig nito nang muling magsalita.

“Don’t get me wrong. At huwag mo rin akong kaawaan. Hindi ako napabayaang. There was always somebody there to look after me. A paid somebody.”

Bakit ba sinasabi nito sa kanya ang mga bagay na iyon?

Nagtataka rin si Charlize kung bakit sa halip na mainis siya sa kayabangan ng binata ay lalong nabubuhay ang interes at damdamin niya rito. Sinabi na nito na ayaw nito sa mga kagaya niya. Bakit hindi niya itinuwid ito? Dahil ba alam niyang sopistikada ang *pinapatulan* ni Aidan? And was she as desperate as those women to be contented with an affair? Gusto ba niyang magpanggap na sopistikada at liberated

para magkaroon ng kaugnayan dito?

Kailangan niyang maging totoo sa sarili niya. Pagkatapos ng dinanas niya sa pamilya ni Neil, hindi niya sigurado kung kaya niyang sumuong muli sa pag-aasawa.

“Kausap ko nga pala si Renan noong isang gabi,” narinig niyang sabi ni Aidan, tinutukoy ang isa sa mga reporters ng *Modern Publishing*. “He was telling me kung gaano ka ka-aggressive.”

*That louse!* Lihim na napatiim-bagang siya. Matagal na siyang pinopormahan ni Renan, pero hindi niya ito pinapansin. “Hindi mo dapat pinaniniwalaan ang lahat ng sinasabi ng lalaking iyon,” bale-walang saad niya.

“So, hindi totoo na siya ang dahilan kaya junior executive ka na ngayon?”

Was he baiting her?

“Totoo man o hindi, it’s not exactly my dream job. Pero maayos akong magtrabaho.”

Napatango-tango ito, sumandal sa upuan, uminom ng red wine pagkatapos ay ibinaba ang baso sa mesa.

“I know. I was dining with John Perry the night

after the concert at tuwang-tuwa siya sa iyo. He said he never had a secretary who's as good as you." Galing dito, parang insulto ang papuri.

Alam nitong nainsulto siya at nasa mukha niya ang galit. Napahalakhak ito at ilan sa mga tao roon ay napatingin sa dako nila. Namula ang kanyang mga pisngi.

"Sweetheart, I didn't think it was possible, pero may mga babae nga pala na lalong gumaganda kapag nagagalit."

Inalis niya ang mga mata sa pagkakatitig dito. She could never stay angry with him for long, could she? Inilapit nito ang mukha sa kanya at marahang hinalikan siya sa labi.

"Alam mo bang sa lahat ng babaeng nakilala ko, ikaw lang ang tumanggi sa akin? At walang kahirap-hirap mong ginawa iyon."

Iyon ba ang iniisip nito? Na hindi siya nahirapan nang gabing iyon? Kung alam ni Aidan! Pero hindi iyon dapat malaman nito, kung gusto niyang manatiling ligtas sa pang-aakit nito.



### 3

Pagkaraan ng isa pang oras ay umalis na sila sa party. Habang nasa daan ay naalala niya ang mga tingin ni David sa kanya kanina—tingin na punong-puno ng pagkamuhi. Hindi niya sinukuan ang mga mata ng lalaki. Nakipagtitigan siya rito hanggang sa maramdaman niyang may nanonood sa kanila. Si Aidan.

Alam niya, nahalata nito ang galit na nagmumula kay David. Bumalik sa kanya ang mga nangyari kanina...

*Nahuli niyang nakatingin sa kanya si Aidan. Iniangat niya ang mukha habang tila sinisiyasat nito iyon. Uminom ito ng alak nang hindi inaalis ang tingin sa kanya. Nakaramdam siya ng kakaibang pagkaakit para rito. Parang may dumaang kilabot sa kanyang balat.*

*“Malamig ba?” tanong nito.*

*Natitiyak niyang alam nito na hindi iyon ang dahilan kung bakit siya nangaligkig. Gusto nitong makipaglaro? Pagbibigyan niya ito. Hinayaan niyang maglakbay ang mga mata niya sa mga balik at dibdib*

nito.

*“May bigla lang akong naalala.”*

*Humugot siya ng malalim na hininga. She knew of passion, read about it in books, seen it in movies. She believed she had experienced desire as well. Pero hindi kagaya nito na parang natatabunan ang lahat ng makatuwirang emosyon. Naririnig niya ang usapan sa paligid niya, pero mas naiintindihan niya ang mensaheng inihahatid ng makahulugang titig ni Aidan.*

*It was exciting. Pero nakakatakot din. Ang mas nakakatakot, kung gaano ang ipinapakita nitong pagnanasa sa kanya, ganoon din ang antas ng pagkaakit na ibinabalik niya.*

*Hindi pa siya nakaramdam ng ganito kahit kailan. Parang nasasaktan siya tingnan lamang ito. He was so perfect. Hindi siya naniniwala sa love at first sight, ayaw niyang maniwala. Pisikal na atraksyon lang ang nararamdaman niya. Pero hindi rin siya mababaw. She knew it was beyond that.*

*Buong buhay niya, wala pang sinukuan si Charlize. Lagi siyang palaban. Maaga siyang naulila. Inampon siya ng isang tiyahin at lumaki kasama ng nag-iisa nitong anak na babae.*

*Then came her short-lived marriage. Parang pulos*

*kalokohan ang kabataan niya, except for the fact that she really was an excellent student. Sa kabila ng lahat ng iyon, pinili niyang maging masaya, bumangon tuwing nadadapa. Pero pagkatapos ng mapait na karanasan sa pag-aasawa ay naging napakaingat na niya. Wala na siyang hinayaang lalaki na makalapit sa kanya.*

*Pasong-paso siya sa episode na iyon ng buhay niya. Ayaw na niyang danasin pa iyon ulit. May pakiramdam siya na higit pang sakit ang daranasin niya sa piling ni Aidan kapag hinayaan niyang magkalapit pa sila.*

Nakarating na pala sila sa bahay niya. Ipinasok niya ang susi sa knob.

“Pasensya na kung nainis ka sa akin noong gabing iyon.”

Nilingon niya itong bigla, hindi inaasahan ang paghingi nito ng paumanhin. Nakangiti ito pero pakiramdam niya ay malayo iyon sa totoong nararamdaman nito.

“I mean, iyong inasal ko sa ginawa mong pagtangga sa akin,” patuloy nito. “I’m not usually rude.”

Kunwari ay itinuloy niya lang ang pagpihit ng pinto. “Ayos lang.” Itinago niya sa dilim ang

pamumula ng mga pisngi. Alam niya dahil nag-iinit ang kanyang mukha.

“Napatawad mo na ba ako?”

“Oo naman. Sasama ba ako sa party kung hindi?”  
aniya, ibinukas ang pinto pero hindi ito inimbitahang pumasok. Umalis ito nang hindi man lang siya hinahawakan, nang wala man lang isang salita kung may plano pa ba itong makipagkita sa kanya ulit.

---

Isang bagong pahina ang binuksan ni Aidan sa buhay niya simula nang gabing iyon. Alam ni Charlize, hindi siya dapat lumalabas kasama nito pero iyon mismo ang ginawa niya. Hindi niya alam kung matutuwa o maiinis na hindi na nito tinangkang hawakan pa siya o halikan simula nang huli siyang yakapin nito. Oo, natutuwa siya dahil pinapaniwala niya ang sarili na safe siya pag kasama ito.

They dined in posh restaurants and spent quiet evenings in cafés together. Madalas ay nanonood din sila ng DVDs sa bahay niya. May mga libro at pelikula na pareho nilang gusto, although marami rin silang pagkakaiba.

“Gusto mo ba ang trabaho mo dito?” tanong niya minsan.

“Kumpara sa ginagawa ko dati, madali ang trabaho ko ngayon.” Yes, marami ang nagsasabi na mas madaling magtrabaho sa Pilipinas kaysa sa ibang bansa.

Napatango-tango siya. “I kind of feel doon sa mga napanood ko. I mean, iyong mga documentaries kung saan bahagi ka. Hindi ba nakaka-burn-out?”

Napatawa ito nang mapakla. “If I feel that way, isipin mo kung ano ang nararamdaman ng mga taong siya mismong nakararanas ng nasa documentaries ko.”

Yes, she had thought of that. She was a very passionate person. Madaling maantig ang puso niya. Madaling pumatak ang luha niya. Pero hindi na niya kailangang sabihin pa iyon dito.

“Tama ka, mahirap nga ang trabaho mo noon.”

“Mahilig lang talaga ako sa challenge.”

*Men*, she wanted to scoff. What was it with them and challenges? Egos, for sure. Iyon din ba ang tingin nito sa kanya? Isang challenge na kapag bumigay ay puwede nang kalimutan? Then he would go off to his next project. Ibang babae, probably sa ibang bansa pa...

*The Unwilling Bride - Lirio Vergel*

---

Nang gabing iyon, habang nakahiga at nakikinig ng recorded music sa kama using her *iPhone*, tanggap na niya sa sarili na halos in love na nga siya kay Aidan. She was in deep shit this time. Kailangan niyang lumayo. Para protektahan ang sarili niya, kailangan niyang gawin iyon.

Natatandaan niya ang affair nito sa isang kilalang modelo. Ang pagkakilala nito sa kanya ay kapareho siya ni Ginny Alfonso—isang modernang babae, practical, liberated. It may be true to a certain point, pero natitiyak niya, marami silang pagkakaiba ni Ginny, gaano man kaespesyal ang babaeng iyon.

Kapag ipinagpatuloy niya pa ang pagtanggap sa mga imbitasyon nito, malao't madali ay iisa lang ang hahantungan nila. Sa kama. Sinikap niyang iligaw ang isip niya sa larawan kung saan yakap siya ni Aidan, nasa ibabaw niya ang matipunong katawan nito, at wala siyang pakialam sa buong mundo. Napaungol siya. Parang ang sakit ng lalamunan niya. Tumayo siya at nagpunta sa kitchen. Kailangan niyang uminom.

Fine. Nahuhulog siya sa pang-akit ni Aidan pero kailangan niyang alalahanin si Neil. Ano ba ang nangyari nang hindi niya pinigilan ang sarili sa pagiging mapusok ng dating asawa noon? Hayun

siya, kasal sa edad na seventeen. At hindi dahil sigurado siya sa nararamdaman nila ni Neil sa isa't isa, kundi dahil buntis siya.

Isipin pa lang ang bahaging iyon ng buhay niya ay sapat para manlamig siya. Takot na takot siya noon, halos mamatay sa kahihyan. At sa pamimilit ng kanyang tiyuhin at tiyahin ay napapayag siyang pakasal kay Neil Fajardo para umano bigyan ng pangalan ang batang dinadala niya. Pero nakunan siya, napilitang makisama sa isang batang-batang asawa sa loob ng mahigit isang buwan pa. Hanggang sa dumating sa buhay nila si David at inalok nga siya ng huli ng pera—sa ikalawang pagkakataon—para layuan ang nakababatang pinsan nito.

Para kay David ay pinlano niya ang lahat ng iyon dahil napakayaman ng angkan ng mga Fajardo. Dahil iyon na rin lang ang palagay ng lahat sa paligid niya, tinanggap niya ang pera at ang bahay na alok nito. Malayo sa probinsya nila, sa siyudad kung saan bago ang lahat. Nag-aral siya, nagtapos, nagtrabaho.

At dahil hindi matiis ng tiyahin niya ang chismis sa lugar nila, nagdesisyon ang asawa nito na lumipat din ng tirahan.

*“Nagpalipat ng company branch ang uncle mo. Nakapagpaalam na kami sa lola mo. Anyway, paalis na*

*rin naman siya papuntang Canada dahil naaprubahan na ang petition papers ni Bea. Kinukuha na siya ng Tito... ni Stephen.”*

Isa pa iyon sa iniaayaw ng tiyahin niya sa kanya. Madalas ay ‘Stephen’ lang ang tawag niya sa isang tiyuhin... at masyado silang malapit ng huli. Bunsong kapatid ito ng papa niya at ng ama ni Bea—half-brother, actually, dahil anak ito sa pangalawang asawa ng lola niya. Walong taon lang ang agwat nito sa kanilang magpinsan. Pero dahil halos laking lola siya, mas malapit sa kanya si Stephen. Bukod doon, pareho pa silang mahilig sa musika.

Nang mamatay ang mga magulang niya, inampon siya ng mga magulang ni Bea kaya kahit malapit lang sa kanila ang bahay ng kanyang Lola Irene ay sa mga ito na siya tumutuloy. Walang nagawa ang kanyang abuela kundi ang pumayag. Professor ito sa isang kilalang eskuwelahan sa lugar nila. Sa kabila niyon ay hindi rin kalakihan ang suweldo nito. Bukod doon, may anak itong binata na hindi pa stable ang trabaho noon, si Stephen nga.

Hindi niya alam ang tungkol sa pag-alis ng lola niya papuntang Canada. Hindi siguro binabanggit ng matanda dahil sa dami ng mga naging problema niya nitong huli.



Mula nang magpasaring nang ganoon ang tiyahin sa kanya ay ipinasya ni Charlize na hinding-hindi na siya muling aasa sa pamilya ng mga ito. Namatay ang tiyuhin niya bago pa nakaalis ang lola niya papuntang Canada. At dahil hindi rin maayos ang relasyon ng matandang babae sa mama ni Bea ay tuluyan nang nagkaroon ng communication gap ang kanilang pamilya.

Mula noon ay wala na siyang pinayagan na makalapit sa puso niya. Hanggang sa dumating si Aidan sa buhay niya. Hindi niya talaga alam kung ano ang mayroon ito, pero dama niya at alam niya, simula pa noong una silang magkita, na malaki ang magiging papel ng lalaking ito sa buhay niya.

She had never felt this way, not even with Neil. Pero dahil sa naging pakitungo sa kanya ni David, nasira na ang tiwala niya sa mga lalaki. Malaki ang pagkilala niya sa pagsasama nang legal—sa kasal.

Kung magpapakasal man siya ulit, sisiguruhin niyang iyon ay sa isang lalaki na titingin sa kanya, mamasdan siyang mabuti, at higit sa isang magandang mukha at makinis na katawan ang makikita.

Kung pinapahalagahan pa niya ang kalayaan niya, kailangan na niyang lumayo kay Aidan—bago pa iyon maging mahirap sa kanya. Bago pa niya

kailanganin ang lalaking ito.

---

Hindi niya ipinagtaka na isang araw ay nagkaharap sila ni David sa lobby ng building kung saan siya nag-oopisina. Palabas na siya noon, pauwi na. Nakatingin ito sa kanya, naroon ang hayag na pangungutya sa mga mata nito. Sa kabila niyon, kalmado ang boses nito nang magsalita.

“Regards daw sabi ni Neil. Mahal ka pa rin ng loko.”

Hindi niya namalayan ang ginawang paglapit ni Aidan sa kanila. Nalaman na lang niya na ito na ang kinakausap ni David, at batay sa sunod na sinabi ay alam niyang sinadya nitong iparinig ang pasaring.

“Asawa ni Charlize si Neil,” paliwanag nito, sa tonong parang gustong gumawa ng gulo. Pero bigo itong makakuha kahit anong katugong ekspresyon kay Aidan.

“Dating asawa, David. Annulled na ang kasal, di ba?” aniya sa nanunuya ring tinig. “Ang nagagawa nga naman ng pera.”

“Isang napakaikling pagsasama. You sound bitter. Sasabihin ko bang mahal mo pa rin siya?” bale-

walang tanong nito.

“Bahalaka.” Nakuha pa niyang ngumiti. Tinalikuran niya si David. Marahil ay may kanegosasyon ang lalaki sa building nila kaya nandoon ito. Maraming opisina roon. Naramdaman niyang sinasabayan na pala siya ni Aidan sa paglalakad.

“Saan ka pupunta?” tanong niya sa lalaki.

“Ihahatid ka,” simpleng tugon nito, punong-puno ng kumpyansa ang tono.

*Pumayag na ba akong pahatid? What are we to each other, anyway?* Madaling sagutin mula sa panig niya pero...

Sumakay na rin siya sa kotse nito at nakuha pang magkuwento. “Napakasal ako sa pinsan ni David when I was seventeen.”

“Legal ba iyon?”

Tumango siya. “And binding. Makapangyarihan ang pamilya nila. Mayaman... sobrang yaman. I didn’t know what to do. I was so scared. Ang paniwala ni David, pera ang dahilan kaya pinakasalan ko ang pinsan niya.”

“Bakit mo siya pinakasalan?”

Hindi niya alam kung tatawa o mapapaiyak sa tanong nito. “Pinilit ako. Kailangan daw. Buntis ako noon.” Tumingin siya rito, pero sa daan nakatuon ang pansin nito. Ibinalik niya ang mga mata sa labas ng bintana.

“Nasaan ang bata?”

“Nakunan ako.” Sukat doon ay nabasag ang tinig niya, pero hindi siya iiyak.

“Naghiwalay kayo pagkatapos?”

Tumikhim siya. “Oo. In the first place, pareho lang naman kaming napilitang pakasal sa isa’t isa.”

“Kapakanan n’yo lang ang iniisip ng mga magulang ninyo. O n’ung bata.”

“Ang totoo, nasa pangangalaga ako noon ng uncle at auntie ko. Namatay ang parents ko sa aksidente noong twelve years old ako. Tama ka, iniisip nila ang kapakanan n’ung baby...” *Pero mas iniisip nila ang reputasyon nila.* “Nang mamatay ang anak ko, wala nang natira...”

Nanginginig ang boses niya sa emosyon. Tumigil ang kotse ni Aidan sa tapat ng kanyang bahay. Dali-dali siyang bumaba at pumasok sa kanyang gate. Wala siyang pakialam kung sumunod man ito o hindi.

*The Unwilling Bride - Lirio Vergel*

---

Sinusian niya ang pinto. Bago pa niya iyon naibukas ay naramdaman niyang niyakap siya ng binata mula sa likuran.

“I’m sorry,” he said. Nakakapanibago ang tono nito, noon lang niya narinig ang awa roon para sa kalagayan niya. Iyon lang ba ang kaya nitong ibigay?

“It’s not your fault.”

“Granted. Sasabihin mo ba sa akin ang tungkol sa buhay mo kung hindi nagparinig ang Fajardo na iyon?”

Umiling siya.